Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Punong Bayan

ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020- 015

PAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNANG IPATUTUPAD SA BAYAN NG MARILAO KAUGNAY SA *MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE*.

SAPAGKAT, noong ika-8 ng Marso 2020, sa bisa ng Proklamasyon Bilang 922 ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas – Pangulong Rodrigo Roa Duterte, isinailalim ang Republika ng Pilipinas sa *State of Public Health Emergency* dala ng pandemya ng COVID-19;

SAPAGKAT, sa bisa ng Memorandum mula sa Kalihim Tagapagpaganap Salvador C. Medialdea mula sa Atas ng Pangulo ng Pilipinas na may petsa ika-16 Marso 2020, ang kapuluan ng Luzon ay isinailalim sa Pinalawig ng Pampamayanang Kuwarentina o *Enhanced Community Quarantine (ECQ)*;

SAPAGKAT, noong ika-11 ng Mayo 2020, ay ipinasya ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease na isailalim ang lalawigan ng Bulacan sa *General Community Quarantine* sa pamamagitan ng IATF Resolution No. 35 series of 2020;

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Mayo 2020, ipinasya ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease na isailalim sa *Modified Enhanced Community Quarantine* ang Lalawigan ng Bulacan mula ika-16 ng Mayo 2020 hanggang ika-31 ng Mayo 2020 sa pamamagitan ng IATF Resolution No. 37 series of 2020;

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksyon 444 (2) (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Punong Bayan bilang Punong Tagapagpaganap ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa angkop na pagpapatupad ng mga batas at ordinansa;

NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si RICARDO M. SILVESTRE, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng mga umiiral na batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod:

SEKSYON 1. PAGPAPANATILI NG *ODD-EVEN SCHEME* AT *HOME QUARANTINE PASS*. Mananatili ang pagpapatupad ng *odd-even scheme* na umiiral sa Bayan ng Marilao. Tanging ang mga holder lamang ng home quarantine pass at travel pass, at mga workers ng pinapayagang negosyo ang maaaring lumabas ng kanilang bahay.

SEKSYON 1.1 HOME QUARANTINE PASS. Isang miyembro lamang ng household ang pagkakalooban ng home quarantine pass upang makalabas para sa pangangailangang esensyal o sa pagtangkilik sa mga pinapayagang negosyo

sa ilalim ng MECQ. Tanging mga non-workers na may edad 21-59 at hindi kabilang sa vulnerable sector ang maaaring pagkalooban ng home quarantine pass.

Ang senior citizen na walang ibang kasama sa bahay ay maaaring pagkalooban ng isang home quarantine pass.

Hindi maaaring pagkalooban ng home quarantine pass ang mga vulnerable gaya ng:

- buntis,
- may *immunodeficiency*,
- may *comorbidity*, at
- iba pang panganib sa kalusugan.

Ang home quarantine pass ay kailangang nakakwintas sa tuwing lalabas ng bahay.

Hindi na kailangan ng home quarantine pass ng mga workers na pinapayagan magtrabaho sa MECQ, sapat na ang company ID o certificate of employment.

SEKSYON 1.2. ODD-EVEN SCHEME. Ang mga holder ng home quarantine pass na nagtatapos ang bilang sa *odd number* gaya ng 1, 3, 5, 7 & 9 ay maaaring lumabas tuwing Lunes, Miyerkules at Biyernes. Dominanteng kulay na pula ang palatandaan para sa *odd number*.

Ang mga holder ng home quarantine pass na nagtatapos ang bilang sa *even number* gaya ng 2, 4, 6, 8 & 0 ay maaaring lumabas tuwing Martes, Huwebes at Sabado. Dominanteng kulay na asul ang palatandaan para sa *even number*.

Hindi pinapayagang lumabas ang lahat ng home quarantine pass holder tuwing Linggo.

SEKSYON 1.3. PAGTATANGI. Hindi sakop ng *odd-even scheme* ang mga frontliners, kawani ng pamahalaan at mga workers ng pinapayagang negosyo ngayong panahon ng MECQ.

Ang mga workers na hindi sakop ng edad 21-59 ay pahihintulutang pumasok sa trabaho kung sadyang kailangan sa workforce. Gayunpaman, hindi sila papayagang pumasok sa ibang establisimyento bilang customer.

Ang senior citizen na walang ibang kasama sa bahay ay pinapayagang lumabas para sa pangangailangang esensyal. Gayunpaman, hindi sila papapasukin sa mga establisimyento na hindi esensyal.

Ang mga may kasama sa bahay na vulnerable na binabanggit sa Seksyon 1.1 na mabibigyan ng home quarantine pass ay maaari lamang lumabas para sa pangangailangang esensyal. Gayunpaman, hindi sila papapasukin sa mga establisimyento na hindi esensyal.

SEKSYON 2. PAGKAKALOOB NG TRAVEL PASS. Tanging mga pagbiyahe lamang ng mga non-workers na hindi pang-komersyo ang pagkakalooban ng travel pass.

Hindi na kailangan ng travel pass ng lahat ng workers ng mga pinapayagang negosyo, sapat na ang company ID o certificate of employment.

SEKSYON 2.1 Binibigyang karapatan ang mga Punong Barangay na magkaloob ng mga travel pass para sa mga biyaheng hindi lalabas ng Munisipalidad.

SEKSYON 2.2 Ang Tanggapan ng Punong Bayan ang siyang magkakaloob ng travel pass para sa mga residenteng lalabas ng Munisipalidad.

SEKSYON 3. PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON. Sa ilalim ng Omnibus Guidelines on the Implementation of Community Quarantine, hindi pinahihintulutan ang pampublikong sasakyan, maliban sa tricycle.

SEKSYON 3.1. Ang mga tricycle ay maaaring payagan batay sa sumusunod na panuntunan:

a. Isang pasahero lamang ang maaaring isakay. Bawal ang back ride;
b. No body number, no travel;
c. Bawal ang driver na hindi sakop ng edad 21-59 o vulnerable;
d. Paglalagay ng trapal sa pagitan ng driver at pasahero;
e. Pagsusuot ng face mask at pagdadala ng alcohol;
f. Number coding (Odd number: Pwede tuwing M-W-F; Even Number: Pwede tuwing T-Th-S; Tigil-pasada tuwing Linggo)

SEKSYON 3.2. Ang mga pinapayagang negosyo ay hinihikayat na magbigay ng company shuttle para sa kanilang mga worker. Kung walang sariling shuttle, maaaring rumenta ng pribadong sasakyan na may kaukulang special permit mula sa LTFRB.

SEKSYON 3.3. Hinihikayat ang paggamit ng bisikleta at iba pang non-motorized na sasakyan.

SEKSYON 4. MGA ESTABLISYIMENTO/INDUSTRIYA NA PINAHIHINTULUTANG BUKAS NGAYONG MECQ. Ang mga negosyo na pinapayagan sa ilalim ng MECQ alinsunod sa Section 2(4) at Section 3(4) ng IATF Resolution No. 37 ay ginagawang bahagi ng Atas na ito. Mahigpit na tinatagubilinan ang mga establisyimento na sundin ang limitasyong ukol sa dami ng empleyado na maaari nilang papasukin.

SEKSYON 4.1. Ang mga negosyong pinahintulutang mag-operate sa **100%** ***capacity***:

a. Media establishments;
b. Gumagawa ng semento at bakal;
c. BPO and export-oriented establishments;
d. Mining at quarrying;
e. E-commerce;
f. Post office, courier at delivery services;
g. Rental and leasing ng sasakyan at equipment na gamit sa permitted sectors;
h. Recruitment at placement para sa pagtatrabaho sa permitted sectors;
i. Repair of computers, personal and household goods;
j. Housing services (e.g. kasambahay, tubero, aircon repair)

SEKSYON 4.2. Ang mga negosyong pinahintulutang mag-operate sa **50%** ***capacity***:

a. Manufacturing plants ng mga sumusunod:

i. Beverages kasama ang mga alcoholic drinks;
ii. Electrical machinery;
iii. Wood products and furniture;
iv. Non-metallic products;
v. Tela, patahian ng mga damit at iba pang wearing apparels;
vi. Sigarilyo;
vii. Papel at mga produkto nito gaya ng mga kahon, resibo, at iba pang kahalintulad;
viii. Rubber at Plastic products;
ix. coke at refined petroleum products gaya ng LPG;
x. iba pang non-metallic mineral products;
xi. computers;
xii. electronic and optical products;
xiii. electrical equipment;

xiv. machinery and equipment;
xv. motor vehicles, trailers and semi-trailers;

b. Real estate and leasing activities;
c. Administrative and office support (eg. Photocopying and billing services);
d. Ibang financial services, gaya ngunit hindi lamang ng, money exchange, insurance, microfinance at credit cooperatives, reinsurance at non-compulsory pension funding;
e. Legal at accounting services;
f. Management consultancy services or activities;
g. Architectural at engineering activities kabilang ang technical testing at analysis;
h. Science and technology, at research and development;
i. Recruitment and placement agencies para sa mga overseas employment.
j. Advertising at market research;
k. Computer programming at information management services;
l. Publishing at printing services;
m. Film, music at television production;
n. Photography, fashion, at industrial, graphic at interior design;
o. Wholesale and retail trade of vehicles;
p. Repair and maintenance of vehicles;
q. Malls and commercial centers **na dapat sumunod sa mga pamantayan ng DTI Memorandum Circular No. 20-21**;
r. Dining at restaurants, delivery at take-out lamang;
s. Hardware stores;
t. Clothing and accessories;
u. Bookstore and school and office supplies;
v. Baby or infant care supplies;
w. Pet food and pet care supplies;
x. Information technology, communications and electronic equipment; flower, jewelry, novelty, antique and perfume shops; and
y. Toy stores, maliban sa playgrounds at amusement areas;
z. Firearms and ammunition trading establishments, alinsunod sa regulasyon ng Firearms and Explosive Office;

aa. Pastors, priests, rabbi, imams, and other religious ministers insofar as providing home religious services to households, provided that proper protocols shall be observed such as social distancing, wearing of face masks and the like.

SEKSYON 4.3. Ang mga mall at shopping center ay pinapayagang magbukas sa limitadong kapasidad subalit ang mga may kinalaman sa leisure ay hindi pinapayagan.

Sa pagdetermina sa bilang ng maaaring makapasok sa loob ng tindahan, 4 square meters ang ilalaang espasyo kada isang tao:

$$\textbf{Bilang ng tao na magkakasabay sa iisang pagkakataon} = \frac{\textbf{Total area ng tindahan}}{\textbf{4 square meters}}$$

Imemenos sa total area ang espasyo para sa mga estante at iba pang muwebles.

Ang lahat ng tindahan ay kailangang magpaskil ng karatula na madaling makita na nagsasaad ng maximum na bilang ng tao sa iisang pagkakataon (*e.g. Maximum Persons at a Time: 15*).

SEKSYON 4.4. Ang mga hotel ay hindi pinapayagang magbukas, maliban kung may tinanggap na:

a. Guest na may umiiral na long-term bookings;
b. Distressed OFW at stranded Filipinos or foreign nationals;
c. Repatriated OFWs in compliance with approved quarantine protocols;
d. Non-OFWs na kailangang sumailalim sa mandatory facility-based quarantine;
e. Health workers at ibang empleyado mula sa mga itinanging establisimyento sa ilalim ng Revised Omnibus Guidelines at kaugnay na Memoranda mula sa Executive Secretary.

SEKSYON 4.5. Ang iba pang essential at priority public and private construction projects ay pinapayagan, na napapailalim sa pagsunod sa DPWH construction safety guidelines. Gayunpaman, ang small-scale projects ay hindi pinapayagan.

SEKSYON 4.6. Ang mga negosyong hindi pinahintulutang mag-operate:

a. Tourist destinations, reservation service and related services;
b. Entertainment industries (e.g. cinemas, theaters, karaoke bars);
c. Kid amusement industries;
d. Library, archives, museums and cultural centers;
e. Gyms, fitness studios and sports facilities;
f. Personal care services (e.g. massage parlors, sauna, facial care, waxing)
g. Barbershops at Salon (pinag-aaralan pa ng DTI)

SEKSYON 5. OPERASYON NG MGA TANGGAPAN NG GOBYERNO. Ang mga tanggapan ng pamahalaan ay magpapatuloy ng operasyon sa pamamagitan ng skeletal workforce o iba pang alternatibong paraan ng paggawa alinsunod sa mga alituntunin ng *Civil Service Commission*.

SEKSYON 6. PAGBUBUKAS NG PINAPAYAGANG NEGOSYO TUWING ARAW NG LINGGO. Hinihikayat ang mga pinapayagang negosyo na magbukas sa *maximum* na labindalawang oras kada araw, kabilang na ang Linggo.

Hindi sakop ng coding scheme ang workers ng pinapayagang negosyo kung kaya't maaari silang pumasok dito kahit Linggo.

Ang mga non-workers na may hawak na home quarantine pass ay hindi papasukin sapagkat hindi sila pinapayagang lumabas sa araw ng Linggo.

SEKSYON 7. PAMANTAYAN PARA SA *MASS GATHERINGS*. Tanging ang mga pagtitipon na kaugnay sa trabaho at religious gatherings ang pinahihintulutang pagsasama-sama. Hanggang limang indibidwal lamang sa iisang pagkakataon ang pahihintulutang magtipon.

SEKSYON 8. PANANATILI NG MGA BORDER CHECKPOINTS. Upang makasiguro ng patuloy na pagpigil sa pagkalat ng coronavirus sa Bayan ng Marilao, mananatiling maigting ang pagsusuring isasagawa sa mga checkpoints ng mga Kapulisan at ng mga *force multipliers* na binigyan ng pahintulot na gumanap ng mga tungkulin sa checkpoints.

SEKSYON 8.1. Magkakaloob ng car pass at motorcycle pass ang Pamahalaang Bayan para sa mga kawani ng pamahalaan at workers ng pinapayagang negosyo. Tanging ang mga workers lamang na may sariling sasakyan at may kaukulang rehistro at lisensya ang pagkakalooban nito. Layunin ng passes na ito na matulungan ang checkpoints na mas mapabilis at mapagaan ang pagsala sa mga dumadaang motorista.

SEKSYON 9. MAHIGPIT NA PAGPAPATUPAD NG ISOLATION NG MGA INDIBIDWAL NA *"COVID-19 SUSPECTS"*. Ang sinumang matukoy ng Contact Tracing Team na nagkaroon ng close contact sa isang *COVID-19 patient* at nagpakita ng sintomas ng coronavirus na walang sariling bukod na silid sa kanyang tahanan ay agarang dadalhin sa Marilao Special Care Facility.

SEKSYON 10. MAHIGPIT NA PAG-UULAT NG LAHAT NG BALIKBAYAN SA MGA BARANGAY OFFICIALS. Lahat ng Balikbayan na dumating sa Bayan ng Marilao ay kailangang pumunta sa kanilang mga Barangay Hall upang sila ay maisama sa mga indibidwal na ikukuwarentina sa loob ng 14 na araw sa sariling bukod na silid sa kanilang tahanan.

SEKSYON 11. MAHIGPIT NA PAGTALIMA SA MINIMUM HEALTH STANDARDS. Mahigpit na tinatagubilinan ang mga mamamayan at ang mga pinapayagang Negosyo na isagawa ang mga *minimum health standards:*

SEKSYON 11.1 Safety protocols – Palagiang pagsusuot ng face masks. Ang mga establisyimento ay inaatasang ipatupad ang polisiyang **"no face mask, no entry"**; palagiang paghuhugas ng kamay; pag-iwas na humawak sa mga *surfaces;* mas pinaigting na polisiya ng pag-iingat para sa mga ospital at mga kahalintulad nito.

SEKSYON 11.2 Safe distancing – Pagpapanatili ng isang metrong pagitan; pagpapaluwag sa mga *work spaces*; paglalagay ng mga markang magsisilbing tanda ng isang metrong pagitan; hindi pagrereport sa trabaho kung mayroong ubo, sipon, lagnat, sakit ng ulo, *diarrhea* o alinmang sintomas ng coronavirus;

SEKSYON 12. CURFEW. Mananatili ang curfew hours sa Munisipalidad mula ika-8 ng gabi hanggang ika-5 ng umaga para sa mga non-workers. Anumang pagbabago sa itinatakdang oras ng curfew ay ginagawang bahagi ng Atas na ito.

Ang pinapayagang workers na aabutan ng curfew hours sa daan ay pahihintulutang makauwi sa kanilang tahanan. Maliban sa pag-uwi, wala nang ibang dahilan upang mamalagi sila sa lansangan.

SEKSYON 13. INUMING NAKALALASING. Ipinagbabawal ang pag-inom ng alak sa labas ng sariling bahay, kasama na ang bakuran na natatanaw ng publiko. Ipinagbabawal din ang pag-inom sa loob ng bahay na may kasamang panauhin o hindi miyembro ng household.

SEKSYON 14. PANDARAYA NG MGA PERMISO PATUNGKOL SA COMMUNITY QUARANTINE. Ipinagbabawal ang pamemeke ng mga permiso kaugnay sa community quarantine tulad ng home quarantine pass, travel pass, car pass, motor pass, maging ang company ID at certificate of employment. Ipinagbabawal din ang paggamit ng mga permiso na sa ibang tao ito nakapangalan.

SEKSYON 15. PAGKAKALAT NG FAKE NEWS. Ipinagbabawal ang pagkakalat ng mali at pekeng impormasyon sa social media at iba pang platforms tungkol sa COVID19 crisis na maaaaring magdulot ng kalituhan, kaguluhan at pangamba sa publiko.

SEKSYON 16. KAPARUSAHAN. Ang sinumang lalabag sa Atas na ito ay maaaring sampahan ng kaukulang kaso ng Kapulisan o ng Pambayang Manananggol alinsunod sa mga umiiral na batas.

SEKSYON 17. SUGNAY NG PAGHIHIWALAY. Kung sakaling ang alinman sa mga sugnay ng Atas na ito ay maipawalang-bisa, mananatiling may bisa ang lahat ng sugnay na maaaring ihiwalay sa sugnay na nawalan ng bisa.

SEKSYON 18. KABISAAN. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay kagyat na magkakabisa.

Nilagdaan ngayong ika- 19 ng Mayo, 2020, Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan.

RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan